

# Patakaran sa Privacy ng Cricket Wireless



[Ver en español](#)

[阅读中国](#)

[한국어 읽기](#)

[Przeczytaj po polsku](#)

[Lido em português](#)

[Đọc trong Việt](#)

Na-update ang Patakaran sa Privacy ng Cricket Wireless na nagkabisang noong Marso 15, 2019. [Tingnan ang nakaraang bersyon >](#)

---

## Paglalatap ng Patakaran

Nalalapat ang sumusunod na Patakaran sa Privacy sa mga customer ng Cricket Wireless kabilang ang mga customer na dating bumili ng serbisyo sa Aio, Cricket Communications, Inc., o Leap Wireless International, Inc.

## Tungkol sa Aming Patakaran sa Privacy

Sa tuwing may gagawin ka na tulad ng pagbili ng isa sa mga produkto ng Cricket Wireless ("Cricket") o pag-download ng app, may impormasyon na nalilikha. Dahil alam namin na mahalaga ang iyong privacy, mayroon kaming Patakaran sa Privacy na magpapaliwanag kung paano namin kinokolekta, ginagamit, at pinoprotektahan ang impormasyong iyon. May maikling buod sa ibaba at nakasaad ang buong patakaran sa [FAQ na format](#). Gusto namin itong pasimplehin nang sa gayon ay makapagpasya ka nang may kaalaman kaugnay ng iyong privacy at pagkatapos ay maigugugol mo na ang natitira mong oras sa paggamit sa aming mga produkto at serbisyo.

---

Huling Na-update: Disyembre 31, 2019

---

## Ang mga pangako namin sa privacy

Mahalaga ang mga pangako namin sa privacy sa paraan ng pagnenegosyo namin araw-araw. Nalalapat ang mga ito sa lahat ng taong may kaugnayan sa amin - kabilang ang mga customer at bumibisita sa aming website.

- Poprotektahan namin ang iyong privacy at papanatilihin naming ligtas ang iyong personal na impormasyon. Gumagamit kami ng encryption at iba pang proteksiyon para sa seguridad para mapangalagaan ang data ng customer.

- Hindi namin ibebenta kahit kanino ang iyong personal na impormasyon para sa anumang layunin. Period.
- Ganap naming ihahayag ang aming patakaran sa privacy sa wikang malinaw at madaling mauunawaan at papadaliin namin ang pag-access mo sa aming patakaran.
- Aabisuhan ka namin nang maaga hinggil sa mga pagbabago sa aming patakaran sa privacy. Walang biglaang pagbabago.
- May mga pagpipilian ka tungkol sa paraan ng paggamit namin sa impormasyon mo para sa marketing. Ang mga customer ang may kontrol.
- Gusto naming malaman ang opinyon mo. Maaari kang magpadala sa amin ng mga tanong o feedback hinggil sa aming patakaran sa privacy.

## Isang Maikling Buod ng Aming Patakaran sa Privacy

Nalalapat ang aming patakaran sa privacy sa iyong paggamit ng aming mga produkto at serbisyo kabilang ang [www.cricketwireless.com](http://www.cricketwireless.com). Palagi kaming magbibigay sa iyo ng paunang abiso hinggil sa mahahalagang pagbabago sa Patakarang ito sa pamamagitan ng abiso na madaling makita sa aming site at/o direktang elektronikong mail o pakikipag-ugnayan sa text. Para magawa ang mga bagay na tulad ng patuloy na pagpapahusay sa aming mga serbisyo, produkto, at kaugnayan sa iyo, maaari kaming mangolekta ng ba't ibang uri ng impormasyong makakatulong sa aming matuto pa tungkol sa kung paano mo ginagamit ang aming mga alok.

Narito ang ilan sa impormasyong kinokolekta namin:

- Kasama sa Impormasyon ng Account ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, email address, mga detalyeng nauugnay sa serbisyo gaya ng data sa pagbabayad, mga code na panseguridad, history ng serbisyo, at iba pang mga impormasyon tulad ng;
- Ang Impormasyon sa Performance at Paggamit ng Network ay nagbibigay sa amin ng detalye tungkol sa kung paano mo ginagamit ang network namin, mga produkto namin, at mga serbisyo namin, at kung gaano kahusay ang performance ng aming equipment at network;
- Ang Impormasyon sa Pag-browse sa Web at Wireless na Application ay nagbibigay sa amin ng detalye tungkol sa mga website na binibisita mo at sa mobile application na ginagamit mo sa aming network;
- Ang Impormasyon ng Lokasyon ay nagbibigay sa amin ng detalye hinggil sa lokasyon ng iyong wireless device.

Narito ang tatlong pangunahing paraan kung paano namin ito kinokolekta:

- Kumukuha kami ng impormasyon mula sa iyo kapag gumagawa ka ng mga bagay na tulad ng pagbili sa amin;
- Kinokolekta namin ito batay sa kung paano mo ginagamit ang aming mga produkto at serbisyo;
- Ibinibigay ito sa amin ng iba pang pinagmumulan, tulad ng mga ahensiya ng credit, kompanya ng marketing, at iba pang service provider.

Narito ang ilan lang sa mga paraan kung paano namin ito ginagamit. Para:

- Makapagbigay ng mga serbisyo at mapaganda ang iyong karanasan bilang customer;
  - Masingil ka para sa mga serbisyo mo;
  - Masagot ang mga tanong mo;
  - Matugunan ang mga isyu ng integridad ng network at seguridad;
  - Makapagsagawa ng pananaliksik at pagsusuri para panatilihin, protektahan, i-develop, at pahasayin ang aming network;
  - Maipaalam sa iyo ang tungkol sa mga update sa serbisyo, alok, at promosyon;
  - Mapaganda ang mga opsyon sa entertainment;
- 
- Makapaghatid ng Kaugnay na Advertising;
  - Makagawa ng Mga Ulat sa Panlabas na Marketing at Analytics; at
  - Makatulong sa pagpigil at pag-imbetiga sa mga ilegal na aktibidad at paglabag sa aming Mga Tuntunin ng Serbisyo o Mga Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit.

Ilang halimbawa kung kanino namin ibinabahagi ang iyong Personal na Impormasyon:

- Mga kaugnay na kompanya. Ang Cricket ay isang kompanya ng AT&T at ibinabahagi namin ang iyong Personal na Impormasyon sa AT&T at iba pang mga kompanya sa pamilya ng AT&T na karaniwang tinutukoy na mga kasosyo, para sa iba't ibang layunin, kabilang ang pagbebenta sa iyo ng mga produkto at serbisyo.
  - Nag-aalok na sa iyo ang Cricket ng ilang partikular na pagpipilian at kontrol tungkol sa marketing at advertising [dito](#). Kung pipiliin mong hindi sumali ka sa mga opsyong ito, kikilalanin din ng AT&T at ng mga kasosyo nito ang pag-opt out na iyon alinsunod sa personal na impormasyon na maaari nilang matanggap mula sa Cricket para sa advertising at marketing. Kung isa ka ring customer ng AT&T, kapag gumawa ka ng desisyon dito, hindi mababago ang anumang kasalukuyang desisyon na maaaring ginawa mo nang hiwalay sa AT&T.
- Sa iba pang mga kompanya na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin kung kinakailangan lang ng mga ito para isagawa ang mga serbisyong iyon. Hinihingi namin sa kanila na protektahan ang iyong impormasyon alinsunod sa aming Patakaran.
- Sa iba pang kompanya at entidad para:
  - Matugunan ang mga kahilingan sa 911 at iba pang mga emergency o pangangailangan;
  - Sumunod sa mga utos ng hukuman at iba pang mga legal na proseso;
  - Makatulong sa pag-verify ng pagkakakilanlan, at pagpigil sa panloloko at pagnanakaw ng pagkakakilanlan;
  - Maipatupad ang aming mga kasunduan at karapatan sa ari-arian; at
  - Makakuha ng bayad para sa mga produkto at serbisyo.

Mga Detalye sa Personal, Di-pinangalanan, at Pinagsama-samang Impormasyon

- Ano ang Personal na Impormasyon? Impormasyon na tumutukoy sa iyo o maaaring magamit para malaman ang pagkakakilanlan mo.
- Ano ang Di-pinangalanan? Ito ay impormasyon na hindi tumutukoy sa iyo at hindi magagamit para malaman ang partikular na pagkakakilanlan mo.
- Ano ang Pinagsama-sama? Kumukuha kami ng data mula sa iba't-ibang tao at pinagsasama-sama ito sa mga di-pinangalanan na pangkat o kategorya.
- Paano namin ginagamit ang impormasyon na ito? Ginagamit at ibinabahagi namin ang impormasyon na ito sa maraming paraan, kabilang ang pananaliksik, pagsusuri, retail marketing, at May Kaugnay na Advertising. Isinasama rin ang data na ito sa Mga Ulat sa

- Panlabas na Marketing at Analytics
- Gusto mo bang matuto pa? [Pumunta rito](#).

### Ang aming pangako na protektahan ang iyong data

- Hindi namin ibinebenta kahit kanino ang iyong Personal na Impormasyon para sa anumang layunin. Period.
- Pinapanatili namin ang iyong Personal na Impormasyon sa aming mga record ng negosyo habang isa kang customer, o hanggang sa hindi na ito kinakailangan para sa negosyo, pagbubuwis, o para sa batas.
- Pananatilihin naming ligtas ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng encryption o iba pang naaangkop na kontrol sa seguridad.

### Ang Patakaran Namin sa Online Privacy para sa Mga Bata

- Gusto naming ipaalam sa iyo na hindi kami sadyang nangongolekta ng impormasyon na nakatutukoy mula sa kahit sinong wala pang 13 taon gulang.

### Ang Iyong Mga Opsiyon at Kontrol

- Mapipili mo kung aling mga uri ng advertising ang matatanggap mo mula sa amin;
- Makontrol mo kung magagamit ang iyong di-pinangalanan na impormasyon sa aming Mga Ulat sa Panlabas na Marketing at Analytics;
- Mapipili mo kung gusto mong makatanggap ng mga pang-marketing na tawag, email, o text message mula sa amin;
- Mapipili mo ang tungkol sa paano namin ginagamit ang iyong Impormasyon sa Network na Pagmamay-ari ng Customer

Ang higit pang impormasyon tungkol sa aming paggamit ng CPNI at sa iyong mga pagpipilian tungkol sa paggamit na iyon ay available [dito](#):

- [Mga Kahulugan](#)
- [Saklaw ng Patakarang Ito](#)
- [Ang Impormasyong Kinokolekta Namin, Kung Paano Namin Ito Kinokolekta, At Kung Paano Namin Ito Ginagamit](#)
- [Pagbabahagi ng Impormasyon](#)
- [Impormasyon ng Lokasyon](#)
- [Pinagsama-sama at Di-pinangalanang Impormasyon](#)
- [Mga Kontrol at Pagpipilian ng Customer](#)
- [Patakaran sa Online Privacy para sa Mga Bata](#)
- [Proteksiyon at Seguridad ng Data](#)
- [Mga Pagbabago](#)

### Ang Iyong Mga Karapatan sa Privacy sa California

Ayon sa Seksiyon 1798.83 ng California Civil Code, may karapatan ang mga customer sa California na humiling ng impormasyon kung isiniwalat ng isang negosyo ang Personal na Impormasyon sa anumang ikatlong partido para sa direktang pagbebenta ng mga ito. Alinsunod sa nakasaad sa Patakaran sa Privacy na ito, hindi namin ibebenta ang iyong Personal na Impormasyon sa iba pang mga kompanya at hindi

namin ito ibabahagi sa mga hindi kasosyong kompanya ng AT&T para sa pagbebenta ng mga ito nang walang pahintulot mula sa iyo.

## Pagkolekta ng Data ng Website at Mga Abiso na "Do Not Track" sa California

Pagkolekta ng Data ng Website: Hindi namin sadyang pinahihintulutan ang iba pang partido na mangolekta ng impormasyong nakatutukoy tungkol sa mga aktibidad mo online sa paglipas ng panahon at sa iba't-ibang website ng ikatlong partido kapag ginagamit mo ang aming mga website at serbisyo. Nagbibigay ang Cricket ng impormasyon tungkol sa mga desisyon na ginagawa nito na available [dito](#).

Abiso na "Do Not Track": Dahil hindi pa nagsasagawa ng operasyon ang mga provider ng "do not track" at mga katulad na signal alinsunod sa mga karaniwan at tinatanggap na pamantayan ng industriya, hindi tumutugon ang Cricket sa mga signal na iyon sa kasalukuyan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Do Not Track, pakibisita ang [www.allaboutdnt.com](http://www.allaboutdnt.com).

Para sa mga customer sa California na gustong humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsunod namin sa mga inaatas na ito, o kaya ay may mga tanong o alalahanin tungkol sa mga kagawian at patakaran namin sa privacy, makipag-ugnayan sa amin sa [privacypolicy@cricketwireless.com](mailto:privacypolicy@cricketwireless.com), o sumulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Part Blvd. NE Atlanta, GA 30319.

## **California Consumer Privacy Act (CCPA, Batas sa Pagkapribado ng Mamimili ng California)**

Ang CCPA Personal Information (CCPA PI, Personal na Impormasyon) ay binibigyang kahulugan ng batas ng California bilang impormasyong tumutukoy, nauugnay sa, naglalarawan, may kakayahang mai-ugnay sa, o maaaring mai-ugnay sa makatwirang paraan, nang direkta o hindi direkta, sa mga mamimili o sambahayan ng California.

### Ang Impormasyong Kinokolekta at Ibinahagi Namin

Nais naming bigyan ang aming mga customer ng impormasyong kailangan nila upang magamit ang kanilang mga karapatan sa kanilang CCPA PI. Narito ang impormasyon tungkol sa CCPA PI na aming kinolekta mula sa at ibinahagi tungkol sa mga mamimili sa nakaraang taon.

### Ang Impormasyong Kinolekta Namin Mula Sa Mga Mamimili

Sa taon bago ang petsa ng pag-isyu ng patakarang ito, kinolekta namin ang mga kategoryang ito ng CCPA PI:

- Address at iba pang mga pantukoy na impormasyon – gaya ng pangalan, address na pangkoreo, email address, pangalan ng account, o iba pang mga katulad na pantukoy
- Mga katangi-tangi at online na identifiers – IP address, mga device ID, o iba pang mga katulad na identifiers
- Pangkomersyong Impormasyon – gaya ng mga produkto o serbisyong binili, nakuha, o pinag-isipan, o iba pang mga kasaysayan o gawi sa pagbili o pagkonsumo
- Impormasyon ng aktibidad sa internet o iba pang elektronikong network - gaya ng browsing history, kasaysayan ng pananaliksik at impormasyon tungkol sa interaksyon ng indibidwal sa website, aplikasyon, o anunsyo sa internet

- Video Footage (hal., CCTV); Audio Recordings
- Impormasyon sa Lokasyon
- Mga pagpapalagay na hango sa CCPA PI, gaya ng mga profile, mga gusto, katangian, pag-uugali ng indibidwal.

Kinolekta namin ang mga kategoryang ito ng CCPA PI para sa mga sumusunod na layunin:

- Maisagawa ang mga serbisyo sa ngalan ng negosyo, gaya ng serbisyo sa customer, pagproseso o pagtupad sa mga order, at pagproseso ng mga kabayaran.
- Pag-audit sa mga transaksyon ng customer
- Pag-iwas sa panlilinlang at krimen
- Pag-debug ng mga error sa mga system
- Marketing at advertising
- Internal na pananaliksik, analytics at development – hal., analytics sa preperensya ng user
- Pag-develop, pagpapanatili, pagbibigay o pag-upgrade ng mga network, serbisyo o device.

## Impormasyong Ibinahagi Namin Tungkol Sa Mga Mamimili

Sa taon bago ang petsa ng pag-isyu ng patakarang ito, ibinahagi namin ang mga kategoryang ito ng CCPA PI sa mga provider na nagkakaloob ng mga serbisyo para sa amin, gaya ng pagproseso ng iyong bill:

- Address at iba pang mga identifier na impormasyon – gaya ng pangalan, address na pangkoreo, email address, pangalan ng account, o iba pang mga katulad na identifier
- Mga katangi-tangi at online na identifiers – IP address, mga device ID, o iba pang mga katulad na identifiers
- Pangkomersyong Impormasyon – gaya ng mga produkto o serbisyong binili, nakuha, o pinag-isipan, o iba pang mga kasaysayan o gawi sa pagbili o pagkonsumo
- Impormasyon ng aktibidad sa internet o iba pang elektronikong network - gaya ng browsing history, kasaysayan ng pananaliksik at impormasyon tungkol sa interaksyon ng indibidwal sa website, aplikasyon, o anunsyo sa internet
- Video Footage (hal., CCTV); Audio Recordings
- Impormasyon sa Lokasyon
- Mga pagpapalagay na hango sa CCPA PI, gaya ng mga profile, mga gusto, katangian, pag-uugali ng indibidwal.

Malawak ang kahulugang ibinibigay ng CCPA sa pagbebenta at ito ay kinabibilangan ng pagbabahagi ng CCPA PI para sa anumang may halaga. Ayon sa malawak sa depinisyong ito, sa taon bago ang petsa ng pag-isyu ng patakarang ito, ang isang 'pagbebenta' ng mga sumusunod na kategorya ng CCPA PI ay maaaring nangyari:

- Mga katangi-tangi at online na identifiers – IP address, mga device ID, o iba pang mga katulad na identifiers
- Impormasyon ng aktibidad sa internet o iba pang elektronikong network - gaya ng browsing history, kasaysayan ng pananaliksik, at impormasyon tungkol sa interaksyon ng indibidwal sa website, aplikasyon, o anunsyo sa internet
- Mga pagpapalagay na hango sa CCPA PI, gaya ng mga profile, mga gusto, katangian, pag-uugali ng indibidwal.

**ANG IYONG KARAPATANG HUMILING NG PAGSISIWALAT NG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO NA KINOLEKTA AT IBINAHAGI NAMIN**

Dedikado kami sa pagtitiyak na alam mo ang impormasyong aming kinokolekta. Maaari mong hilingin sa amin ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga kategorya at mga tiyak na parte ng iyong CCPA PI na nakolekta namin.
- Mga pinagmulan kung saan kinolekta ang iyong CCPA PI.
- Mga layunin ng negosyo sa pagkolekta o pagbebenta ng iyong CCPA PI.
- Mga ikatlong partido kung saan ibinabahagi namin ang iyong CCPA PI.

Dedikado rin kami sa pagtitiyak na alam mo kung anong impormasyon tungkol sa iyo ang aming ibinabahagi. Maaari kang magsumite ng kahilingan sa amin para sa sumusunod na karagdagang impormasyon:

- Ang mga kategorya ng CCPA PI na tungkol sa iyo na ibinenta namin, ang mga ikatlong partidong pinagbentahan namin ng CCPA PI na iyon, at ang kategorya o mga kategorya ng CCPA PI na ibinenta sa bawat ikatlong partido.
- Ang mga kategorya ng CCPA PI na ibinahagi namin sa mga service provider na nagkaloob ng mga serbisyo para sa amin, gaya ng pagproseso ng iyong bill.

Upang magamit ang iyong karapatan sa paghiling ng pagsisiwalat ng iyong CCPA PI na aming kinolekta at ibinahagi, [mag-click dito](https://www.cricketworkless.com/legal-info/mydatarequests.html) <https://www.cricketworkless.com/legal-info/mydatarequests.html> o makipag-ugnay sa amin sa 844-246-1628. Karaniwang walang bayad ang mga kahilingan para sa pagsisiwalat na ito.

## ANG IYONG KARAPATANG HUMILING NA BURAHIN ANG CCPA PI

Sa iyong kahilingan, buburahin namin ang CCPA PI na tungkol sa iyo na aming kinolekta, maliban sa mga sitwasyon kung saan kailangan namin ang impormasyong iyon upang: pagkalooban ka ng bagay o serbisyo ng iyong hiniling; isakatuparan ang kontratang aming pinasok kasama ka; panatilihin ang pagganap o seguridad sa aming mga system; sumunod sa o gamitin ang mga karapatang ipinagkaloob ng batas; o gamitin ang impormasyon nang internal sa mga paraang naaayon sa nilalaman nito kung saan ipinagkaloob mo ang impormasyon sa amin o na sa makatwirang paraan ay naaayon sa iyong mga inaasahan batay sa iyong kaugnayan sa amin.

Upang magamit ang iyong karapatan sa paghiling ng pagbura ng iyong CCPA PI, [mag-click dito](https://www.cricketworkless.com/legal-info/mydatarequests.html) <https://www.cricketworkless.com/legal-info/mydatarequests.html> o makipag-ugnayan sa amin sa 844-246-1628. Karaniwang walang bayad ang mga kahilingan para sa pagbura ng iyong CCPA PI.

## ANG IYONG KARAPATANG HILINGIN SA AMING HUWAG IBENTA ANG IYONG CCPA PI

Maaari mong sabihin sa amin kahit kailan na huwag ibenta ang iyong CCPA PI sa pamamagitan ng pag-click dito: [cricketworkless.com/donotsell](https://www.cricketworkless.com/donotsell)

Sa oras na matanggap at mapatotohanan namin ang iyong kahilingan, hindi namin ibebenta ang iyong CCPA PI maliban kung sa kalaunan ay pahihintulutan mo kaming gawin ito. Maaari naming hilingin ang iyong pahintulot na muling simulan ang pagbebenta ng iyong CCPA PI sa mas lumaong petsa, ngunit maghihintay kami ng hindi bababa sa 12 buwan bago gawin ito.

## OK LANG SA AMIN KUNG GAMITIN MO ANG IYONG MGA KARAPATAN SA DATA

Dedikado kami sa pagkaloob sa iyo ng kontrol sa iyong CCPA PI. Kung gagamitin mo ang alinman sa mga karapatang ito na ipinaliwanag sa seksyong ito ng Patakaran sa Pagkapribado, hindi ito magiging isang hindi kasiya-siyang kalagayan para sa iyo. Hindi ka tatanggihan o sisingilin ng iba't ibang presyo o mga singil para sa mga bagay o serbisyo o bibigyan ng ibang antas o kalidad ng mga bagay o serbisyo.

## MGA MAMIMILING MAS BATA SA EDAD NA 16 NA TAON

Kung nangongolekta kami ng CCPA PI na alam naming mula sa isang batang ang edad ay mababa sa 16 na taon, hindi namin ibebenta ang impormasyong iyon maliban kung makakatanggap kami ng malinaw na pahintulot na gawin ito. Kung ang isang bata ay nasa pagitan ng mga edad na 13 at 16 na taong gulang, maaaring magbigay ang batang iyon ng naturang pahintulot.

---

## Ang Aming Patakaran sa Privacy ng AT&T sa madaling maunawaan na FAQ na format.

Nauunawaan namin na iniisip ng lahat ng tao na mahaba, kumplikado, at mahirap maunawaan ang mga patakaran sa privacy. Kaya naman susubukan namin na pasimplehin ito hangga't maaari.

### MGA KAHULUGAN

Magsimula tayo sa ibig sabihin namin kapag sinabi namin ang:

**Pinagsama-samang Impormasyon:** Impormasyong ipinagsasama namin sa mga di-pinangalanang grupo ng mga customer o user. Isang paraan ng paglarawan dito ay sa pag-iisip na parang sa isang survey o opinion poll. Sinasaad sa pinagsama-samang impormasyon na 80 porsiyento ng mga tao ang may binotong kandidato, ngunit hindi mo malalaman kung sinu-sino ang bumoto. Sapat ang laki ng mga grupong ito para hindi matutukoy ang pagkakakilanlan ng mga indibidwal.

**Di-pinangalanang Impormasyon:** Impormasyong hindi direktang nakatutukoy at hindi maaaring magamit para malaman ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal na customer o user.

**Customer:** Sinumang bumibili o gumagamit sa aming mga produkto o serbisyo. Kapag bumili ang isang customer ng mga retail na produkto o serbisyo para magamit ng iba, itinuturing din na mga customer ang mga indibidwal na iyon.

**Mobile Application:** Isang software application na gumagana sa mga smartphone, tablet computer, o iba pang mobile device at magagamit ng mga user para maka-access ng iba't-ibang serbisyo at impormasyon.

**Personal na Impormasyon:** Impormasyon na direktang nakatutukoy o maaaring magamit para malaman ang pagkakakilanlan ng isang customer o user, gaya ng iyong pangalan, address, numero ng telepono, at email address.

**Kaugnay na Advertising:** Gumagamit ng mga pinagsama-samang impormasyon tungkol sa mga grupo ng mga tao (tulad ng edad, etnisidad, kinikita, mga lugar kung



saan nakatira at nagtatrabaho ang mga grupong iyon, at kanilang mga interes) para makagawa ng advertising na mas malamang na maging kapaki-pakinabang sa grupong iyon. Hindi ito gumagamit ng data ng indibidwal tungkol sa maaaring magustuhan ng partikular na tao. Ang "Online na advertising batay sa gawi" ay isang uri ng may kaugnay na advertising. Gumagamit ito ng mga kategorya ng interes batay sa mga binisitang website ng mga grupo ng mga tao para maghatid ng advertising online.

User: Sinumang bumibisita sa aming mga website o gumagamit sa aming mga mobile application.

Website: lisang bagay lang ang tinutukoy nito at ng iba pang termino na tulad ng "Internet site," "site," at "web page", at iyon ang anumang page o lokasyon sa Internet, anumang device (cell phone, tablet, laptop, PC, atbp.) o protocol (http, WAP, ftp, o iba pa) ang ginagamit para ma-access ang page o lokasyon.

## MGA TANONG TUNGKOL SA SAKLAW NG PATAKARANG ITO

1. Ano ang saklaw ng Patakarang ito?

Saklaw ng Patakarang sa Privacy na ito ang aming mga kagawian kaugnay ng impormasyong kinokolekta namin tungkol sa aming mga customer at user (kung paano namin ito kinokolekta at kung paano namin ito ginagamit). Saklaw ng Patakarang sa Privacy na ito ang paggamit sa aming mga produkto at serbisyo, gayundin ang mga pagpunta sa aming mga website.

2. Paano naman ang mga kapamilya ko at ang iba pang gumagamit sa Cricket account ko? Saklaw ba sila ng Patakarang ito?

Oo. Responsibilidad mong siguraduhin na nauunawaan at sumasang-ayon sa Patakarang ito ang lahat ng miyembro ng pamilya o iba pang mga user na gumagamit sa account mo. Tipunin ang lahat at pag-usapan ito. Maaari rin itong ipadala sa pamamagitan ng email para masigurong alam nila ito. Ikabit ito sa refrigerator. Ikaw ang bahala, basta ibahagi ito sa kanila!

3. Kailan hindi saklaw ng Patakarang ito ang impormasyon mo?

Kapag nagbigay ka ng impormasyon sa iba pang kompanya bukod sa Cricket: Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Kapag nag-download ka ng mga application o kaya ay bumili ka mula sa iba pang kompanya habang ginagamit ang aming wireless na serbisyo;
- Kapag pumunta ka sa isang website na hindi pagmamay-ari ng Cricket mula sa isa sa aming mga website o application (sa pamamagitan ng pag-click sa isang link o advertisement, halimbawa);
- Kapag ibinigay mo ang iyong impormasyon sa iba pang kompanya sa pamamagitan ng website na co-branded ng Cricket ngunit kinokontrol ng ibang kompanya;
- Kung gagamit ka ng mga pampublikong forum gaya ng mga serbisyo ng social network, bulletin board sa Internet, chat room, o blog, magiging pampubliko ang impormasyon, at hindi namin mapipigilan ang pamamahagi at paggamit ng iba pang partido sa impormasyong iyon;
- Impormasyon tungkol sa iyong lokasyon, paggamit, at ang mga numerong dina-dial mo kapag may ginagawa ka at gumagamit ng roaming sa network ng iba pang kompanya;
- Kapag bumili o gumamit ka ng mga produktong hindi mula sa Cricket (gaya ng

mga wireless device, internet browser, at mobile application) kasama ng aming mga serbisyo ng Cricket;

- Kapag binigyan namin ng lisensya para sa aming tatak ang iba pang kompanya para sa paggamit ng mga ito sa marketing at pagbebenta ng ilang partikular na produkto at serbisyong hindi mula sa Cricket, hindi saklaw ng Patakarang ito ang impormasyong ibibigay mo sa mga kompanyang iyon.
- Hinihikayat ka naming sumangguni sa patakaran sa privacy ng kompanya para matiyak na nauunawaan mo kung paano nito balak gamitin ang iyong impormasyon at kung paano mo maaaring gamitin ang mga desisyon at kontrol dito.

4. Maaari bang sabay na masaklaw ang aking impormasyon ng patakarang ito at ng iba pang patakaran sa privacy?

Oo, maaaring mangyari iyon. Halimbawa:

- Sa ilang sitwasyon, magbibigay kami ng serbisyo kasama ng iba pang kompanya. Sa ganoong sitwasyon, maaaring masaklaw ang iyong impormasyon ng Patakarang ito at ng patakaran sa privacy ng iba pang kompanya.
- Kung bibili ka ng isa sa aming mga produkto o serbisyo mula sa isang retail na tindahan, maaaring masaklaw ng patakaran ng mga ito at ng aming patakaran ang anumang impormasyon na ibibigay mo sa mga ito.
- Para sa amin, mainam na suriin ang mga patakaran sa privacy ng anumang kompanya kung saan nakikipagtransaksiyon ka para malaman kung paano ginagamit ng mga ito ang iyong impormasyon.

5. Paano naman ang mga customer na negosyo?

Maaaring sumulat kami ng mga kasunduan sa produkto o serbisyo para sa mga customer na negosyo na naglalaman ng mga partikular na probisyon tungkol sa pagiging lihim, seguridad, o pangangasiwa ng impormasyon. Kung maiiba o sasalungat sa Patakarang ito ang alinman sa mga kasunduang iyon, ang mga tuntunin ng mga kasunduang iyon ang susundin. Sa lahat ng iba pang pagkakataon, ang mga tuntunin ng Patakarang ito ang susundin.

## **MGA TANONG TUNGKOL SA IMPORMASYONG KINOKOLEKTA NAMIN, KUNG PAANO NAMIN ITO KINOKOLEKTA, AT KUNG PAANO NAMIN ITO GINAGAMIT**

1. Anong impormasyon ang kinokolekta namin?

Maaari kaming mangolekta ng iba't-ibang uri ng impormasyon batay sa paggamit mo sa aming mga produkto at serbisyo at sa pangnegosyong kaugnayan namin sa iyo.

Impormasyon ng Account:

- Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan na magagamit namin para makipag-ugnayan sa iyo. Kinukuha namin ang impormasyong ito kapag nag-order o nagrehistro ka para sa aming mga serbisyo. Kabilang dito ang impormasyong tulad ng iyong pangalan, address, numero ng telepono, at email address.
- Impormasyon sa Pagsingil na nauugnay sa pinansiyal na ugnayan mo sa amin, gaya ng mga serbisyong ibinibigay namin sa iyo, mga numero ng telepono na tinatawagan at tine-text mo, history ng pagbabayad mo, history ng credit mo, mga credit card number mo, Social Security number, mga code na panseguridad, at history ng serbisyo mo.

Teknikal na Impormasyon at Impormasyon sa Paggamit na nauugnay sa mga serbisyong ibinibigay namin sa iyo, kabilang ang impormasyon tungkol sa kung paano mo ginagamit ang aming network, serbisyo, produkto, o website. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Impormasyon ng Equipment na tumutukoy sa iyong equipment na nakakonekta sa aming network, gaya ng uri ng equipment, mga device ID, status ng device, mga serial number, mga setting, configuration, at software.
- Impormasyon sa Performance at Paggamit ng Network tungkol sa operasyon ng equipment, mga serbisyo, at application na ginagamit mo sa aming network. Maaaring kabilang sa mga halimbawa nito ang lokasyon ng wireless device, bilang ng mga ipinadala at natanggap na text message, mga nagamit na voice minute, nagamit na bandwidth, at mga ginagamit mong pinagkukunan kapag nag-a-upload, nagda-download, o nagsi-stream ng data sa at mula sa Internet.
- Ang ilang Impormasyon sa Performance at Paggamit ng Network at ang ilang Impormasyon sa Pagsingil ay Impormasyon sa Network na Pagmamay-ari ng Customer (Customer Proprietary Network Information) o "CPNI." Ang CPNI ay impormasyon na nauugnay sa bilang, configuration, uri, patutunguhan, lokasyon, at laki ng paggamit sa mga serbisyo ng mga telecommunication na binili mo sa amin, pati na rin ang nilalamang impormasyon ng iyong mga bill para sa mga serbisyong iyon. Sa karaniwang paraan ng pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo ng telecommunication, nangongolekta kami ng CPNI. Hindi CPNI ang iyong numero ng telepono, pangalan, at address.
- Impormasyon sa Pag-browse sa Web at Mobile Application gaya ng mga IP address, URL, at rate at pagkaantala ng pagpapadala ng data. Malalaman din namin ang tungkol sa mga pinupuntahan mong page o advertisement na tinitingnan at sinusubaybayan mo, mga inilalagay mong termino para sa paghahanap, kung gaano kadalas ka magbukas ng application, kung gaano katagal mo ginagamit ang app, at iba pang katulad na impormasyon.
  - Mga Widget sa Social Media gaya ng button o Widget ng Facebook tulad ng button na Ibahagi ito o iba pang interactive na mini-program na tumatakbo sa aming Website. Maaaring kolektahin ng Mga Feature na ito ang iyong IP address, ang page na binibisita mo sa aming site, at maaari itong magtakda ng cookie para gumana nang maayos ang Feature. Ang Mga Feature at Widget sa Social Media ay hino-host ng ikatlong partido o direktang naka-host sa aming Site. Ang iyong mga paggamit sa Mga Feature na ito ay napapailalim sa patakaran sa privacy ng kompanyang nagbibigay ng mga ito.
  - Kung pipiliin mong gamitin ang aming serbisyo ng pag-refer para sabihin sa isang kaibigan ang tungkol sa aming site, hihilingin namin sa iyo ang pangalan at email address ng kaibigan mo. Awtomatiko kaming magpapadala sa iyong kaibigan ng pang-isang beses na email na nag-iimbita sa kanyang bisitahin ang site. Sino-store ng Cricket ang impormasyong ito para lang sa pagpapadala ng pang-isang beses na email na ito at para masubaybayan ang tagumpay ng aming programa sa pag-refer.
- Kabilang sa Impormasyon ng Lokasyon ang kinaroroonan ng iyong wireless device pati na rin ang iyong ZIP-code at address ng lungsod. Nagkakaroon ng impormasyon ng lokasyon kapag nakikipag-ugnayan ang iyong device sa mga cell tower, Wi-Fi router o access point, at/o iba pang teknolohiya, kabilang ang mga satellite na may Global Positioning System.

2. Paano Kayo Kumokolekta ng Impormasyon?

Sa tatlong pangunahing paraan:

- Ibinibigay Mo Ito sa Amin kapag bumili ka o kapag nag-set up ka ng account sa amin.
- Awtomatiko Kaming Nangongolekta ng Impormasyon kapag ginagamit mo ang aming mga network, produkto, at serbisyo. Halimbawa, gumagamit kami ng mga tool ng network para kolektahin ang iyong mga record ng tawag, pati na rin ang iba pang uri ng Teknikal na impormasyon at impormasyon sa Paggamit. Gumagamit din kami ng cookies, mga log ng web server, at iba pang teknolohiya.
- Kumukuha Kami ng Impormasyon mula sa Iba Pang Mapagkukunan tulad ng mga ulat sa credit, mga listahan ng papadalhan para sa marketing, at pangkomersyal na heograpiko at demograpikong impormasyon.

3. Paano Ninyo Ginagamit ang Aking Impormasyon?

Ginagamit namin ang iyong impormasyon para mapaganda ang karanasan mo at para mas mapalakas ang aming mga produkto at serbisyo. Kabilang sa mga halimbawa ang:

Pagbibigay at pamamahala ng iyong mga serbisyo, pagtugon sa iyong mga tanong, at paglutas ng mga problema;

Paghahatid ng naka-customize na content, Kaugnay na Advertising at mga naka-personalize na alok para sa mga produkto at serbisyo na maaaring interesado ka;

- Pagpapaalam ng mga update sa serbisyo, alok, at promo;
- Pagprotekta sa integridad at seguridad ng network, pagtiyak sa kontrol para sa kalidad, pag-optimize sa kapasidad, at pagpigil sa maling paggamit;
- Pagpapalano sa pagpapahusay sa network, network engineering, at teknikal na suporta;
- Pagsasagawa ng pananaliksik at pagsusuri para sa pagmementina, pagprotekta, at pag-develop sa aming network at sa aming mga serbisyo;
- Pagpigil sa mga ilegal na aktibidad, pinaghihinalaang panloloko, at mga potensyal na banta sa aming network at sa mga network ng aming mga customer;
- Pagsisiyasat sa mga paglabag sa aming Mga Tuntunin ng Serbisyo, Mga Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit, o iba pang kundisyon o paghihigpit para sa serbisyo; at
- Pagprotekta sa kaligtasan ng sinumang tao.

4. Ginagamit ba ninyo ang impormasyong sino-store ko gamit ang inyong mga serbisyo sa cloud?

Kapag nagbibigay kami ng mga serbisyo sa cloud, ginagamit lang namin ang impormasyong sino-store mo para maibigay sa iyo ang serbisyong iyon, maliban na lang kung hihingin muna kami sa iyo ng pahintulot na gamitin ito para sa ibang bagay.

## MGA TANONG TUNGKOL SA PAGBABAHAGI NG IMPORMASYON

1. Ibinabahagi ba ninyo ang aking Personal na Impormasyon sa iba pang kompanya para magbenta sa akin ang mga iyon?

Maaari naming ibahagi sa AT&T at iba pang kasosyo ng AT&T ang iyong Personal na Impormasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa Xandr at Warner Media, para sa iba't ibang layunin, kabilang rito ang layuning makapagbenta sila sa iyo ng mga produkto at serbisyo. Maliban sa AT&T at iba pang kasosyo ng AT&T, hindi namin ibabahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa iba pang kompanya para makapagbenta ng sarili nilang mga produkto at serbisyo nang wala ang iyong

pahintulot.

2. Mayroon bang anumang iba pang pagkakataon kung kailan maaari ninyong ibigay ang aking Personal na Impormasyon sa iba pang kompanya o entidad?

Oo. Ibinabahagi namin ang iyong Personal na Impormasyon sa mga kompanyang nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, tulad ng pagpoproseso sa iyong bill. Dahil sineseryoso namin ang aming responsibilidad na pangalagaan ang iyong Personal na Impormasyon, hindi namin pinahihintulutan ang mga kompanyang iyon na gamitin ito para sa anumang layunin maliban sa pagsasagawa sa mga serbisyong iyon, at hinihingi namin sa mga iyon na protektahan ito sa paraang naayon sa Patakarang ito.

Ang mga kompanyang nagsasagawa sa mga serbisyong ito ay maaaring nasa labas ng United States o ng hurisdiksyon kung saan ka nakatira. Kung ibabahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa mga kompanyang ito, maaari itong ma-access ng mga awtoridad ng pamahalaan alinsunod sa mga batas na may saklaw sa mga hurisdiksyon na iyon.

May mga pagkakataon din kung kailan nagbibigay kami ng Personal na Impormasyon sa iba pang mga kompanya o iba pang mga entidad, gaya ng mga ahensiya ng pamahalaan, credit bureau, at ahensiya sa pangongolekta, nang walang pahintulot mo. Kabilang sa mga halimbawa ang pagbabahagi para:

- Tumugon sa mga legal na kahilingan ng mga pampublikong awtoridad, kabilang ang para matugunan ang mga kinakailangan sa pambansang seguridad o sa pagpapatupad ng batas;
- Sumunod sa mga utos ng hukuman, subpoena, kahilingan sa pagsisiyasat na ayon sa batas, at iba pang legal o panregulasyong kinakailangan, at para ipatupad ang aming mga legal na karapatan o kontrahin ang mga legal na paghahabol;
- Kumuha ng bayad o magbigay ng refund para sa mga produkto at serbisyo na lumalabas sa iyong mga billing statement mula sa Cricket;
- Maipatupad ang aming mga kasunduan at protektahan ang aming mga karapatan o ari-arian;
- Makatulong sa pag-verify ng pagkakakilanlan at pag-validate ng email address;
- Mag-abiso, tumugon, o magbigay ng impormasyon (kabilang ang impormasyon ng lokasyon) sa responsableng entidad ng pamahalaan kung may emergency o pangangailangan o sa mga sitwasyon kung saan maaaring may mamatay o lubhang mapinsala; at
- Abisuhan ang National Center for Missing and Exploited Children tungkol sa impormasyong may kinalaman sa child pornography na malalaman namin sa pamamagitan ng pagbibigay sa aming mga serbisyo.

## MGA TANONG TUNGKOL SA AKING IMPORMASYON AT ADVERTISING

1. Ginagamit ba ninyo ang aking impormasyon para padalhan ako ng advertising?

Oo. Maaari kaming gumamit ng impormasyon tulad ng mga kagustuhang ipinahayag mo at mga interes na ipinakita mo sa aming mga website, sa aming mga tindahan, at sa pamamagitan ng paggamit sa aming mga produkto at serbisyo para makapagbigay sa iyo ng pang-marketing na impormasyon at mga advertisement para sa aming mga produkto at serbisyo ng Cricket. Maaaring ihatid ang mga ad na iyon sa aming mga website at mobile application. Tinatawag ito na "first party" advertising. Bahagi ito ng ugnayan natin sa serbisyo at hindi ka makatatangi sa ganitong uri ng advertising.

Maaaring gumamit ang aming mga kasosyo sa advertising ng di-pinangalanang impormasyon na nakuha sa pamamagitan ng cookies at mga katulad na teknolohiya, pati na rin ng iba pang di-pinangalanang at pinagsama-samang impormasyon na maaaring mayroon ang alinman sa amin para matulungan kami na maiangkop ang mga ad na nakikita mo sa mga site na hindi pag-aari ng Cricket. Halimbawa, kung makakakita ka ng ad mula sa amin sa isang website na nauugnay sa sports at hindi pag-aari ng Cricket, maaari kang makatanggap sa ibang pagkakataon ng ad para sa equipment na pang-sports na inihahatid namin sa ibang website. Tinatawag ito na Online Behavioral Advertising, isang uri ng May Kaugnayang Advertising.

2. Ano ang cookies, Flash cookies, mga Web beacon, mga widget, at mga log file ng server, paano mo ginagamit ang mga ito, at maaari ko bang limitahan ang pangongolekta ng data mula sa aking computer sa mga website na gumagamit sa impormasyong iyon para sa advertising?

Magsimula tayo sa ibig sabihin namin kapag sinabi namin ang salitang "cookie" at iba pang kaugnay na termino:

- Ang cookies ay maliliit na file ng data. Inilalagay ng mga website ang mga ito sa iyong browser para makilala ang iyong computer o mobile device kapag bumalik ka sa site na iyon. Ginagawa ang cookies para masubaybayan ang mga paggalaw mo sa loob ng site, matulungan kang magpatuloy kung saan ka tumigil, matandaan ang iyong nakarehistrong username, mga kagustuhan, at iba pang pag-customize.
- May ilang mahahalagang bagay na kailangang tandaan tungkol sa cookies:
  - Kapag na-disable mo ang cookies, maaaring hindi mo magamit sa ilang website ang ilang partikular na feature. Kakailanganin mong isagawa ang pamamaraan ng pag-opt out kung mag-o-opt out ka sa isang programa o serbisyo at pagkatapos ay magpapalit ka ng mga computer o Web browser, o kung iki-clear o buburahin mo ang digital na "cookie" na nagpapaalam sa amin na nag-opt out ka.
  - Cookies sa Lokal na Storage. Ang Lokal na Storage ay isang madali, flexible, secure, at mas mabilis na paraan para mag-store ng HTTP state data. Isa itong paraan na ginagamit ng aming mga web page para lokal na mag-store ng mga pinangalanang pares ng key/value sa web browser ng user. Pangunahing ginagamit ang lokal na storage sa ATT.com para mag-store at mag-retrieve ng data sa mga HTML page mula sa aming mga domain. Ang data sa lokal na storage ay session-based at hindi ito magpapatuloy kapag natapos na ang session at naisara na ang browser.
- Ang Flash Cookies (na tinatawag ding Mga Local Shared Object o "mga LSO") ay mga file ng data na katulad ng cookies, ngunit maaaring mag-store ang mga ito ng mas kumplikadong data. Magagamit ang mga ito para tandaan ang iyong mga setting, kagustuhan at paggamit, at iba pang katulad na serbisyo. Nagbibigay-daan ang flash cookies para gumana at magamit ang ilang partikular na serbisyo. Kung na-disable, maaaring hindi gumana nang maayos ang mga serbisyong ito. Bagama't maaaring maalis o ma-block ang cookies sa browser sa pamamagitan ng mga setting ng web browser, iba ang operasyon ng flash cookies. Pakitandaan na kapag itinakda ang Flash Player na paghigpitan o limitahan ang pagtanggap ng Mga Flash LSO, maaari nitong mabawasan o mahadlangan ang functionality ng ilang Flash application. Para matuto pa kung paano mamahala ng flash cookies, maaari mong bisitahin ang website ng Adobe at maaari kang gumawa ng mga pagbabago sa Panel ng Mga Setting ng Pandaigdigang Storage ([http://www.macromedia.com/support/documentation/en/flashplayer/help/settings\\_manager07.html](http://www.macromedia.com/support/documentation/en/flashplayer/help/settings_manager07.html)).
- Ang mga web beacon ay maliliit na graphic na larawan sa isang Web page o sa isang email. Magagamit ang mga ito para sa mga bagay tulad ng pagtatala sa mga page at advertisement na kini-click ng mga user, o pagsubaybay sa kung gaano kahusay ang performance ng campaign para sa marketing sa pamamagitan ng e-mail.

- Ang widget ay isang maliit na program o application na maaaring i-embed sa isang web page. Maaari itong magbigay ng real-time na impormasyon, gaya ng mga stock quote o ulat ng lagay ng panahon. Ang mga widget ay kadalasang ibinibigay ng ikatlong partido at nagbibigay-daan ito sa kanila na mangolekta ng data tungkol sa mga user na tumitingin sa page na iyon.
- Itinatala ng log ng server ang iyong aktibidad sa web sa pamamagitan ng iyong computer o mobile device at may mahalagang tungkulin itong ginagampanan sa pagpapahusay ng performance ng web page at pagpapakilala ng mga bagong feature. Halimbawa, maaari nitong itala kung aling mga termino para sa paghahanap ang ginamit mo o ang mga link na na-click mo. Maaari rin nitong itala ang impormasyon ng browser mo gaya ng iyong IP address, uri ng device, gaano ka katagal sa isang Web page, at ang cookies ng browser mo.
- May "social network o iba pang ikatlong-partido na plug-in" ang ilang website. Maaaring magbigay ng impormasyon ang mga plug-in na ito pabalik sa mga site na iyon kahit na hindi ka mag-click o makipag-ugnayan sa plug-in. Maaari ring itong mailapat kahit na wala kang account sa mga ito. Maaaring gumamit ng identifier ang mga social network o ang mga ikatlong partido kapag nagpapadala mula sa iyong browser. Maaaring kasama rito ang impormasyon tungkol sa iyong uri ng browser, operating system, uri ng device, IP address, at ang URL ng web page kung saan lumalabas ang plug-in. Kung gumagamit ka ng mga social networking tool o mga site, inirerekomenda naming maglaan ka ng ilang sandali para alamin ang kanilang mga patakaran sa privacy.

## Pamamahala ng Cookies

Sa karamihan ng mga browser, pinapayagan kang mag-delete, mag-disable, at pumili ng cookies na maaaring ilagay sa iyong computer. Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa pagkontrol sa cookies, bumisita sa

<http://www.AboutCookies.org>. Para

matuto pa kung paano mamahala ng cookies para sa:

- Mga Indibidwal na Browser
  - [Internet Explorer](#)
  - [Internet Explorer \(Mga mobile device\)](#)
  - [Safari](#)
  - [Safari Mobile \(mga iPhone at iPad\)](#)
  - [Firefox](#)
  - [Firefox \(Mga mobile device\)](#)
  - [Chrome](#)
  - [Chrome \(Mga mobile device\)](#)
- Flash Player
  - <http://www.adobe.com/products/flashplayer/security/>

3. Ginagamit ba ninyo ang aking impormasyon para sa iba pang mga uri ng May Kaugnayang Advertising?

Oo. Gumagamit din ang Cricket ng impormasyon na nakukuha namin sa pamamagitan ng paggamit mo sa aming mga produkto at serbisyo, mula sa aming mga kasosyo sa advertising, at impormasyong tulad ng iyong edad at kasarian para maghatid ng May

Kaugnayang Advertising na hindi advertising na batay sa gawi online. Isinasama namin ang iyong di-pinangalanan na impormasyon sa di-pinangalanan na impormasyon ng iba pang mga user para magkaroon ng mga pinagsama-samang "segment ng audience".

Batay ang mga segment na ito sa mga partikular na interes at/o totoong katangian na malamang na pinagkapare-pareho ng mga kabilang sa mga segment ng audience na iyon. Maaari naming gamitin ang impormasyong iyon para magpadala sa iyo ng mga advertisement na may kaugnayan sa mga interes o katangian na iyon.

Maingat kami sa paggawa ng May Kaugnayang Advertising na may mga pinagsama-samang segment ng audience na malaki kaya hindi ka na partikular na matutukoy.

4. Ginagamit ba ninyo ang lokasyon ng aking device para sa advertising?

Oo. Gumagamit ang Cricket ng impormasyon tungkol sa mga pinupuntahan mong lokasyon para makagawa ng mga pinagsama-samang katangian ng interes sa wireless na lokasyon na magagamit para magbigay ng May Kaugnayang Advertising sa iyo at sa iba pang katulad mo.

Ang mga katangian ng lokasyon ay mga uri ng mga lokasyon tulad ng "mga sinehan". Ang mga taong nakatira o nauugnay sa isang partikular na lugar (halimbawa, isang lungsod, ZIP-code, o ZIP+4 code) ay maaaring mukhang may matinding interes sa mga pelikula dahil sa pinagsama-samang impormasyon na nagsasaad na madalas matagpuan malapit sa mga sinehan ang mga wireless device mula sa lugar na iyon. Maaari kaming gumawa ng "katangian ng mga pelikula" para sa lugar na iyon, at maghatid ng mga ad ng pelikula sa mga taong nakatira o nauugnay sa lugar na iyon.

Maaari naming iugnay ang iyong wireless device sa isang partikular na heograpikong lugar, gaya ng isang lungsod, ZIP-code, o ZIP+4 code, batay sa iyong billing address o sa mga cell tower kung saan ka pinakamadalas kumonekta. Hindi itinatala ng Cricket ang mga lugar na nabisita mo na.

Bukod sa iba pang mga proteksiyon sa privacy, para sa prosesong ginagamit namin para gawin ang aming segment ng audience, kinakailangan na may 25 bahay o mas marami pa sa ZIP+4 code o iba pang heograpikong lugar kung saan may nakatalagang wireless na lokasyon. Para matugunan ang kinakailangan na ito, ang mga ZIP+4 code kung saan wala pang 25 ang mga bahay ay isinasama sa iba pang mga ZIP+4 code.

5. Ano ang mapapala ko rito?

Ayon na nga sa pangalan nito, makakatanggap ka ng advertising na mas may kaugnayan sa iyong mga interes. Halimbawa, kung magpapakita ang isang partikular na segment ng audience, tulad ng mga nasa hustong gulang na nasa pagitan ng 21 taong gulang at 25 taong gulang na may partikular na hanay ng kinikita, ng mas matinding interes sa mga pelikula kumpara sa iba pang

mga segment, maaari namin silang padalhan ng ad ng pelikula para sa isang pelikula na ginawa para sa mga young adult. Isa lang ito sa mga paraan ng paghahatid namin ng content na mas may kaugnayan.

6. Magkakaroon ba ako ng pagkakataon na sabihin sa inyo kung saan ako interesado?

Kapag nagdagdag kami ng mga bagong alok na gumagamit sa iyong Personal na Impormasyon para mag-customize at maghatid ng indibidwal na iniangkop na advertising at mga promo sa iyo, ipapaalam namin ito sa iyo nang sa gayon ay makapagpasya ka kung gusto mong lumahok. Halimbawa, maaari kaming mag-alok sa iyo sa hinaharap, ng serbisyo na nagbibigay-daan sa iyong mag-sign up para



makatanggap ng mga alok sa text message mula sa mga negosyong malapit sa kasalukuyang lokasyon mo at tumutugma sa mga pipiliin mong interes. O maaari kaming mag-alok sa iyo ng mga libre o may diskwentong serbisyo bilang kapalit ng paggamit sa iyong Personal na Impormasyon para sa advertising at iba pang mga katulad na layunin. Ipinangako namin, bago namin gamitin ang alinman sa iyong Personal na Impormasyon (kabilang ang impormasyong makukuha namin bilang Internet service provider) para sa mga ganoong layunin, palagi ka naming bibigyan ng pagkakataon na makapagpasya nang may kaalaman kung lalahok ka ba o hindi.

7. Anong impormasyon ang ibinibigay ninyo sa mga advertiser?

Maaari magbigay ang Cricket ng mga ulat sa mga advertiser at iba pang negosyong customer tungkol sa tagumpay ng mga campaign sa advertising ng mga ito. Naglalaman ang mga ulat na iyon ng pinagsama-samang impormasyon tungkol sa dami ng beses na tiningnan ang isang partikular na ad, kung kailan ito tiningnan, kung tiningnan ba ito sa isang mobile device o computer, mga demograpikong nauugnay sa tumitinging audience, at iba pang katulad na impormasyon. Hindi isasama ang iyong di-pinangalanan na impormasyon sa mga pinagsama-samang ulat tungkol sa tagumpay ng mga campaign sa May Kaugnayang Advertising kung pinili mong hindi sumali sa May Kaugnayang Advertising na inihahatid ng Cricket o ng mga partner nito sa advertising.

## MGA TANONG TUNGKOL SA IMPORMASYON NG LOKASYON

1. Ano ang impormasyon ng lokasyon?

'Yun na mismo ang ibig sabihin! Kabilang dito ang iyong ZIP code at address ng kalye, gayundin ang kinaroroonan ng iyong wireless device.

2. Paano ito ginagamit?

Ginagamit namin ito sa lahat ng paraan, narito ang ilang halimbawa:

- Nagbibigay Kami ng Mga Serbisyo sa Wireless Voice at Data: Sinusubaybayan, kinokolekta, at ginagamit namin ang impormasyon ng wireless na lokasyon, kasama ang iba pang impormasyong nakukuha namin mula sa aming network at sa iyong wireless device, para panatilihin at pahasayin ang aming network. Maaari rin naming gamitin ang impormasyon ng lokasyon nang may pahintulot mula sa iyo para sa advertising o para makapagbigay sa iyo ng naka-customize na karanasan. Halimbawa, kapag nagbigay kami ng 411 Directory Assistance at tinawagan mo ang numero ng telepono ng partikular na negosyo, maaari naming gamitin ang iyong impormasyon ng wireless na lokasyon para maibigay ang numero ng lokasyon ng negosyong pinakamalapit sa iyo.
- Mga Serbisyong Batay sa Lokasyon (Location Based Services, LBS): Magagamit ang iyong device para mag-access ng napakaraming serbisyo na batay sa lokasyon. Inaalok namin ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng mga application na na-preload o na-download mo sa iyong device. Maaari rin magbigay ng LBS sa pamamagitan ng text message o iba pang function. Bibigyan ka namin ng paunang abiso at hihingin namin ang iyong pahintulot kapag gagamitin o ibabahagi ang iyong lokasyon. Maaaring maging iba-iba ang anyo ng pahintulot, ngunit naaangkop ito para sa uri ng ginagamit mong LBS ng Cricket. Maaari mong i-disable ang pagbabahagi ng lokasyon para sa mga application na ito sa mga setting ng device mo.

3. Gaano katumpak ang impormasyon ng wireless na lokasyon?

Depende ito sa ginagamit namin na teknolohiya. Halimbawa, maaari naming matunton ang iyong device batay sa cell tower na nagbibigay-serbisyo sa iyo. Maaaring umabot ang range nang hanggang sa 1,000 metro sa anumang direksyon mula sa tower sa mga lungsod, at hanggang sa 10,000 metro sa mga probinsya. Mas tumpak ang impormasyon ng lokasyon mula sa mga Wi-Fi network, dahil inuugnay ka nito sa lugar kung nasaan ang network, tulad ng isang kapihan o sa lugar sa loob o sa paligid nito.

Nangangailangan ng mas tumpak na impormasyon ang ilang serbisyo. Para sa mga iyon, nag-develop kami ng mas tumpak na pagtatantiya ng lokasyon sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ID ng nagbibigay-serbisyo na cell tower sa iba pang impormasyon, tulad ng latitude at longitude ng tower, mga parameter ng radio frequency, impormasyon ng GPS, at mga pagkakaiba sa oras ng mga radio signal. Ayon sa iba't-ibang salik, maaaring matantiya ng mga paraang iyon ang lokasyon ng iyong device hanggang sa 30 hanggang 1000 metro.

4. Kayo lang ba ang makatutunton sa aking wireless device?

Maaari rin matunton ng iba pang mga kompanya ang iyong device. Halimbawa, maaaring matunton ang iyong device ng manufacturer ng handset mo at ng operating system provider mo. Kung magda-download ka ng mga mobile application, maaaring makuha ng mga app na iyon ang iyong lokasyon nang direkta mula sa handset o operating system mo. Sa pamamagitan ng mga mobile application na nagbibigay sa iyo ng access sa network ng iyong employer, maaari rin magkaroon ng kakayahan ang iyong employer na matunton ang iyong device.

Hinihikayat ka namin na suriin ang Mga Patakarán ng lahat ng provider.

## MGA TANONG TUNGKOL SA PINAGSAMA-SAMA AT DI-PINANGALANAN NA IMPORMASYON

1. Saan ninyo nakukuha ang di-pinangalanan na impormasyon?

Kumokolekta kami minsan ng impormasyon tungkol sa paraan ng paggamit mo sa aming mga produkto gamit ang cookies at iba pang mga katulad na teknolohiya. Hindi kasama sa impormasyong ito ang iyong Personal na Impormasyon at itinuturing ito na di-pinangalanan.

Kapag nangolekta kami ng impormasyon na nakatutukoy sa iyo, maaari naming gawin itong di-pinangalanan para sa ilang partikular na layunin. Aalisin namin ang mga field ng data (gaya ng pangalan, address, at numero ng telepono) na maaaring magamit para makilala ka. Gumagamit din kami ng iba't-ibang diskarte sa estadistika at pang-operasyong kontrol para gawing di-pinangalanan ang data. Ang paggawang di-pinangalanan ng impormasyon ay isa sa mga paraan na ginagamit namin para protektahan ang iyong privacy.

2. Magsabi pa sa akin ng tungkol sa pinagsama-samang impormasyon.

Ang Pinagsama-samang Impormasyon ay isang anyo ng di-pinangalanan na impormasyon. Pinagsasama-sama namin ang data na nakasasapat sa ilang partikular na pamantayan at inilalagay sa mga di-pinangalanan na grupo. Halimbawa, maaaring gusto naming ipaghambing kung paano

ginagamit ng mga customer sa Beverly Hills, CA (o saanmang lungsod, county, o ZIP code) ang kanilang mga cell phone sa kung paano ginagamit ng mga customer sa Boulder, CO ang kanilang mga cell phone. Para magawa iyon, pagsasama-samahin

namin at ilalagay sa mga di-pinangalanan na grupo ang data ng customer sa bawat lokasyon at susuriin namin ang lahat ng pinagsama-samang data na iyon para maunawaan kung paano nagkakaiba o nagkakatulad ang dalawang grupo.

3. Nagbabahagi ba kayo ng di-pinangalanan o pinagsama-samang impormasyon?

Oo, maaari naming ibahagi ang impormasyong ito sa iba pang mga kompanya at entidad para sa mga partikular na paggamit, na maaaring kabilangan ng:

- Mga unibersidad, laboratoryo, think tank, at iba pang entidad na nagsasagawa ng pananaliksik sa networking, lipunan, gawi, kapaligiran, at iba pang mga uri ng siyentipikong pananaliksik, para sa paggawa ng mahalagang bagong kaalaman;
- Mga munisipalidad, pamahalaan, o iba pang entidad na maaaring gumamit sa data na ito para sa mga layuning gaya ng pagpapalano para sa munisipalidad at transportasyon, at koordinasyon ng tugon sa emergency at sakuna.

Ibinabahagi namin ang impormasyong ito sa mga panlabas na ulat tulad ng aming Mga Ulat sa Panlabas na Marketing at Analytics at Mga Ulat ng Sukatan.

## MGA TANONG TUNGKOL SA MGA ULAT SA PANLABAS NA MARKETING AT ANALYTICS

1. Magsabi pa sa akin ng tungkol sa Programa ng Panlabas na Marketing at Analytics.

- Gumagamit kami ng pinagsama-samang impormasyon para gumawa ng Mga Ulat sa Panlabas na Marketing at Analytics na maaari naming ibenta sa iba pang mga kompanya para sa paggamit ng mga ito para sa marketing, advertising, o iba pang mga katulad na paggamit.
- Ang mga ulat na ito ay maaaring kumbinasyon ng impormasyon mula sa mga wireless na lokasyon at lokasyon ng Wi-Fi, pag-browse ng website at paggamit ng mobile application, at iba pang impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo at iba pang mga customer. Mapiipili mo kung isasama ang iyong di-pinangalanan na impormasyon sa mga ulat na ito.

Kabilang sa mga halimbawa ng Mga Ulat sa Panlabas na Marketing at Analytics ang:

- Mga ulat para sa mga retail na negosyo na nagsasaad sa bilang ng mga wireless device na nasa o malapit sa mga lokasyon ng tindahan ng mga ito ayon sa oras ng araw at araw ng linggo, kasama ang mga katangian ng demograpiko ng mga user (tulad ng edad at kasarian) sa mga pangkat na iyon.
- Mga ulat para sa mga manufacturer ng device na nagsasama ng impormasyon gaya ng uri, manufacturer, at modelo ng device sa impormasyon ng lokasyon ayon sa demograpiko at rehiyon para maisaad ang kasikatan ng mga partikular na uri ng device sa iba't-ibang segment ng customer.

2. Nagbibigay ba kayo sa mga kompanya ng di-pinangalanan na data ng indibidwal bilang bahagi ng inyong Programa ng Panlabas na Marketing at Analytics?

Oo. Kapag nagbigay kami ng di-pinangalanan na impormasyon ng indibidwal sa mga negosyo, inaatas namin na gamitin lang ito ng mga iyon para magbigay ng mga pinagsama-samang ulat, at huwag itong gamitin para sa iba pang bagay. Hinihingi rin namin na

sumang-ayon ang mga negosyo na hindi susubukan ng mga ito na tukuyin ang sinumang tao gamit ang impormasyong ito, at papangasiwaan ng mga ito ang impormasyon sa isang secure na paraan, alinsunod sa Patakarang ito.

3. Ginagamit ba ninyo ang aking di-pinangalanan na impormasyon sa iba pang mga uri ng mga panlabas na ulat?

Maaari naming gamitin ang iyong di-pinangalanan na impormasyon para magbigay ng Mga Ulat ng Sukatan sa aming mga supplier ng serbisyo. Halimbawa, maaari kaming maglisensya ng entertainment na content gaya ng programming ng musika, mula sa mga provider ng content. Maaaring hingiin sa amin ng mga kasunduan namin sa mga provider na iyon na magbigay sa kanila ng Mga Ulat ng Sukatan na naglalaman ng mga pagsukat at iba pang mga istatistika tungkol sa dami ng mga customer na gumamit ng partikular na content sa partikular na oras at iba pang katulad na impormasyon. Ang mga ulat na ito ay itinuturing na bahagi ng batayang serbisyo at hindi namin ibinebenta ang mga ito sa iba pang mga customer o supplier.

## ANG PATAKARAN NAMIN SA ONLINE PRIVACY PARA SA MGA BATA

1. Nangongolekta ba kayo ng impormasyon tungkol sa paggamit ng aking mga anak?

Hindi kami sadyang nangongolekta ng nakatutukoy impormasyon mula sa kahit sinong wala pang 13 taong gulang.

2. Ano ang mangyayari kapag gumagamit ang aking anak ng account na hindi nakarehistro sa kanila?

Ang Internet at mga wireless device at mga serbisyo na binili para sa paggamit ng pamilya ay maaaring magamit ng mga bata nang hindi namin nalalaman. Kapag nangyari iyon, ang nakolektang impormasyon ay lalabas sa amin na nauugnay sa nasa hustong gulang na customer na nagsu-subscribe sa aming mga serbisyo at ituturing ito na impormasyon ng nasa hustong gulang alinsunod sa Patakarang ito.

## MGA TANONG TUNGKOL SA PROTEKSIYON AT SEGURIDAD NG DATA

1. Ibinebenta ba namin ang iyong Personal na Impormasyon?

Hindi namin ibinebenta kahit kanino ang iyong Personal na Impormasyon para sa anumang layunin. Period.

2. Gaano katagal namin iniingatan ang iyong Personal na Impormasyon?

Pinapanatili namin ang iyong Personal na Impormasyon hangga't kinakailangan namin ito para sa negosyo, pagbubuwis, o para sa batas. Pagkatapos nito, sinisira namin ito sa pamamagitan ng pagtitiyak na hindi na ito mababasa o maiintindihan

3. Anu-anong pag-iingat ang ipinapatupad ng Cricket?

- Nagsikap kami para maprotektahan ang iyong impormasyon. Nagtakda rin kami ng mga electronic at administratibong pag-iingat na idinisenyo para matiyak na ligtas ang impormasyong kinokolekta namin. Kabilang sa mga halimbawa ng mga pag-iingat na iyon ang:
- Nasasaklaw ang lahat ng aming empleyado ng Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo (Code of Business Conduct, COBC) at ilang partikular na alituntunin ng asal na ipinag-uutos ng estado. Alinsunod sa COBC, dapat sumunod ang lahat ng empleyado sa mga batas, tuntunin, regulasyon, utos ng hukuman, at/o administratibong utos na nalalapat sa

aming negosyo kabilang partikular dito ang mga kinakailangan ayon sa batas at patakaran ng kompanya hinggil sa privacy ng mga pakikipag-ugnayan at seguridad at privacy ng iyong mga record. Sineseryoso namin ito, at papatawan ng aksiyon na pangdisiplina ang sinuman sa aming mga empleyado na hindi makasasapat sa mga pamantayang itinakda namin sa COBC. Kabilang doon ang pagkaka-sisante.

- Nagpatupad kami ng mga tampok na teknolohiya at seguridad at mahihigpit na alituntunin sa patakaran para maprotektahan ang privacy ng iyong Personal na Impormasyon. Kabilang sa mga halimbawa ang:
- Pagpapanatili at pagprotekta sa seguridad ng storage ng computer at equipment para sa network, at aming mga prosesong panseguridad kung saan kinakailangan ang mga username at password ng empleyado para ma-access ang sensitibong data;
- Paglalapat ng encryption o iba pang mga naaangkop na kontrol na panseguridad para maprotektahan ang Personal na Impormasyon kapag sino-store o ipinapadala namin;
- Paglilimita sa access sa Personal na Impormasyon sa mga may trabaho lang na nangangailangan sa naturang access; at
- Panghihingi ng pagpapatotoo ng caller/online bago magbigay ng Impormasyon ng Account nang sa gayon ay ikaw lang o isang tao na nakakaalam sa iyong Impormasyon ng Account ang makaka-access o makakapagbago sa impormasyon.
- Bagaman sinisikap namin na panatilihin ang iyong Personal na Impormasyon, walang perpektong paraang ng seguridad, at hindi namin magagarantiya na hindi masisiwalat ang iyong Personal na Impormasyon sa paraang hindi naaayon sa Patakarang ito (halimbawa, bilang resulta ng mga hindi awtorisadong pagkilos ng mga ikatlong partido na lumalabag sa batas o Patakarang ito).

4. Aabisuhan ba ninyo ako kung sakaling magkaroon ng paglabag sa seguridad?

Ginagabayan kami ng mga batas at regulasyon sa kung paano ka bibigyan ng abiso kapag may nasangkot na ilang partikular na uri ng sensitibong impormasyon sa isang paglabag sa seguridad. Bibigyan ka namin ng abiso alinsunod sa mga batas at regulasyong ito.

5. Maaari ko bang repasuhin, iwasto, i-update, o alisin ang aking Personal na Impormasyon at Made-deactivate ko ba ang aking account?

Oo. Ikinalulugod namin na tulungan kang repasuhin, iwasto, i-update, o alisin ang impormasyong nauugnay sa iyong account at mga record sa pagsingil kung naaangkop. Gayunpaman, maaari pa rin naming panatilihin ang iyong impormasyon sa aming mga file para sa iba't ibang layunin kabilang ang pagresolba sa di-pagkakasundo, pagpapatupad sa mga kasunduan sa user, at iba pang mga kinakailangan sa negosyo, teknikal na kinakailangan, o legal na kinakailangan. Mag-log in sa [iyong Cricket account](#) para sa tulong. Kung kailangan mo pa ng higit na tulong, makipag-ugnayan sa amin sa [privacypolicy@cricketwireless.com](mailto:privacypolicy@cricketwireless.com). Tutugon kami sa lahat ng kahilingan sa loob ng makatuwirang tagal ng panahon.

## MGA TANONG TUNGKOL SA MGA PAGBABAGO SA HINAHARAP

1. Ano ang mangyayari kung magkaroon ng pagbabago sa pagmamay-ari ng kompanya?

Ang impormasyon tungkol sa aming mga customer at user, kabilang ang Personal na Impormasyon, ay maaaring ibahagi at ilipat bilang bahagi ng anumang merger, pagkuha, pagbebenta ng mga asset ng kompanya, o paglilipat ng serbisyo sa ibang provider. Nalalapat din ito, bagaman malamang na hindi ito mangyari, kung


magkaroon ng insolvency, bankruptcy, o receivership kung saan ililipat ang mga record ng customer at user sa ibang entidad bilang resulta ng ganoong proseso.

2. Aabisuhan ba ako kung magkaroon ng mga pagbabago sa patakarang ito?

Maaari naming i-update ang Patakarang sa Privacy na ito kung kinakailangan para isaad ang mga pagbabago na gagawin namin at para matugunan ang mga hinihingi ng batas. Magpo-post kami ng madaling makita na abiso tungkol sa pagbabago sa aming mga website. Bibigyan ka namin ng iba pang naaangkop na abiso tungkol sa mahahalagang pagbabago 30 araw o mas matagal pa bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa.

## ANG IYONG MGA OPSIYON AT KONTROL

1. Maaari mong piliin na hindi tumanggap ng ilang uri ng advertising online sa iyong wireless device.

- Piliing hindi sumali sa lahat ng Kaugnay na Advertising na inihahatid sa iyong mobile device [dito](#). Kakailanganin mong mag-opt out sa **bawat** mobile device na gusto mong ibukod.
- Piliing hindi sumali sa advertising na batay sa gawi online na mula sa Cricket at iba pang mga advertiser sa pamamagitan ng pag-click sa link na [Mga Opsiyon sa Advertising](#) sa ibaba ng aming mga web page.
- Piliing hindi sumali sa advertising na batay sa gawi online na mula sa maraming iba pang ad network sa [site](#) ng Network Advertising Initiative (NAI).
- Kapag nakakita ka ng mga online na ad para sa mga produkto at serbisyo ng Cricket na may ganitong icon , i-click ito at makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa kung paano [piliing hindi sumali](#).

2. May mga opsiyon ba ako kaugnay ng pagtanggap ng mga first party advertisement mula sa Cricket?

Dahil bahagi ang first party advertising ng serbisyonag natatanggap mo kapag bumibisita ka sa aming mga website at kapag ginagamit mo ang aming mga mobile application, hindi kami nag-aalok ng opsiyon na hindi sumali para sa first party advertising.

3. Mapipili mo ring hindi tumanggap ng iba pang uri ng marketing mula sa Cricket.

Napagtanto namin na maaaring makaistorbo ang mga hindi gustong pakikipag-ugnayan para sa marketing at nagsikap kami para matugunan ang mga inaasahan ng mga customer at posibleng customer na nagpahayag ng kagustuhan na limitahan ang ilang partikular na uri ng pakikipag-ugnayan para sa pangangalap na mula sa amin.

Email: Naglalaman ang lahat ng ipinapadala namin na pang-marketing na email ng mga tagubilin at isang link na magagamit mo para mapatigil ang pagdating ng mga pang-marketing na email para sa ganoong uri ng produkto o serbisyo. Maaari ka ring [mag-unsubscribe sa mga pang-marketing na email mula sa Cricket dito](#).

Mga Text Message at MMS: Piliing hindi sumali sa mga pang-marketing na text message at MMS mula sa Cricket sa pamamagitan ng pag-reply ng "stop" sa anumang mensahe. Mapipili mo ring hindi sumali [dito](#).

Pederal na Do Not Call: Nagpapanatili ang FTC ng National Do Not Call Registry sa [donotcall.gov](#), at maaaring magpanatili ang iyong estado ng sarili nitong Do Not Call Registry. Kapag inilagay mo ang iyong numero sa mga Registry na ito, maaari rin malimitahan ang mga pang-telemarketing na tawag ng Cricket sa numerong iyon.

Postal Mail: Para limitahan ang pangangalap sa postal mail, maaari mong piliing hindi sumali [dito](#). Sa limitasyong ito, patuloy kang makatatanggap ng mga legal na abiso, update sa produkto, at iba pang katulad na sulat, at maaari ka pa ring makatanggap ng ilang pang-promo na sulat.

Idinisenyo ang lahat ng aming kasanayan para matugunan ang mga legal na kinakailangan ng estado at pederal na pamahalaan na naglilimita sa mga pang-marketing na pakikipag-ugnayan. Ang mga batas at regulasyon na iyon gaya ng mga kinakailangan na sumasaklaw sa mga listahan para sa "Do Not Call" ng estado at pederal na pamahalaan ay karaniwang nagbibigay ng pahintulot sa mga kompanya na makipag-ugnayan sa mga kasalukuyan at, sa ilang sitwasyon, dating customer ng mga ito, kahit nakalista ang mga customer na iyon sa mga listahan para sa "Do Not Call" ng pederal na pamahalaan at estado.

4. May mga opsiyon ba ako hinggil sa paggamit ninyo sa aking CPNI?

Oo. Ang higit pang impormasyon tungkol sa aming paggamit ng CPNI at sa iyong mga pagpipilian tungkol sa paggamit na iyon ay available [dito](#). Kahit paghigpitan ang paggamit namin sa iyong CPNI, hindi maaalis ang lahat ng uri ng pang-marketing na pakikipag-ugnayan namin.

5. Mapipili ko ba na hindi isama ang aking di-pinangalanan na impormasyon sa inyong Mga Ulat sa Panlabas na Marketing at Analytics at iba pang katulad na ulat?

Oo. Mag-click [dito](#) para piliing hindi sumali. Kasama rin sa hindi pagsali na ito ang pagbabahagi sa iyong di-pinangalanan na impormasyon sa iba pang mga kompanya para sa paggamit ng mga ito sa paggawa ng mga ulat sa marketing at analytics. Bagaman hindi saklaw ng hindi pagsali na ito ang Mga Ulat ng Sukatan, malalapat ito kung isasama namin ang impormasyon ng Ulat ng Sukatan sa iba pang impormasyon ng customer (tulad ng mga demograpiko) para gumawa ng mga ulat na ibinibigay namin sa aming mga negosyong customer o supplier ng serbisyo.

## PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN TUNGKOL SA PATAKARANG ITO

- Hinihikayat ka namin na direktang makipag-ugnayan sa amin sa alinman sa mga address na ito na nasa ibaba para sa anumang tanong tungkol sa Patakaran sa Privacy na ito.
- Mag-email sa amin sa [privacypolicy@cricketwireless.com](mailto:privacypolicy@cricketwireless.com)
- Sumulat sa amin sa Cricket Privacy Policy, 1025 Lenox Park Blvd. NE Atlanta, GA 30319.
- Para sa mga tanong na hindi nauugnay sa privacy [Makipag-ugnayan sa aming team ng Customer Service](#). Maaari mo ring [i-access ang iyong online na account](#) para sa karagdagang opsiyon sa serbisyo.
- Kung mayroon kang hindi pa nalulutas na alalahanin sa privacy o paggamit ng data na hindi namin natugunan nang maayos, makipag-ugnayan sa aming ikatlong partidong provider ng pagresolba sa di-pagkakasundo na nasa U.S. sa <https://feedback-form.truste.com/watchdog/request>.
- Kung hindi ka nasisiyahan sa pagresolba namin sa anumang di-pagkakasundo, kabilang ang mga isyu sa privacy o paggamit ng data, pakisuri ang aming mga pamamaraan sa pagresolba sa di-pagkakasundo sa <http://www.att.com/disputeresolution>.
- Mayroon ka rin opsiyon na maghain ng reklamo sa FTC Bureau of Consumer Protection, gamit ang isang [online na form](#), o sa pamamagitan ng pagtawag nang toll-

free sa 877.FTC.HELP (877.328.4357; TTY: 866.653.4261). Maaari rin may iba ka pang karapatan at solusyon na magagamit alinsunod sa mga pederal na batas o iba pang umiiral na batas.